# 1

"Ano'ng oras na naman dumating ang anak mo kagabi?" tanong ni Don Roberto sa asawang si Leticia habang nag-aalmusal ang dalawa.

"H-hindi rin ako sigurado dahil tulog na ako. Marahil ay mga alas onse na," pagkakaila ng ginang.

"Huwag mo nang pagtakpan pa ang anak mo, Leticia. Narinig ko nang dumating siya. Alam kong madaling-araw na namang umuwi iyon. Aba'y kailan ba titino ang batang iyan, kapag patay na tayo? Beinte tres na siya! Kausapin mong mabuti ang anak mo."

"Hayaan mo't kakausapin ko siya mamaya kapag nagising na. Ako na ang bahala sa kanya."

"Hayan ka na naman. Pero kapag naglambing na sa iyo iyon ay nakakalimutan mo na ang lahat ng pinaggagagagawa niya. Sabihan mo si Ashley na hindi na ako bumabata. Kailan ko ba siya makakatulong sa pagpapatakbo ng negosyo? Sayang lang ang tinapos niyang kursong Business Management dahil hindi naman niya nagagamit. Wala na siyang inatupag kundi ang boutique niyang kakaunti ang kinikita,

good time kasama ang mga kabarkada niya. Disco doon, disco dito. Aba'y mabuti pa sigurong mag-asawa na lang siya at baka tumino pa ang buhay niya," litanya pa rin ng lalaki.

Hindi masisi ni Leticia ang asawa sa pagkakaroon ng ganoong kaisipan tungkol kay Ashley. Ngunit kilala naman ng doña ang nag-iisang anak. Hindi ito katulad ng ibang kabataan na hindi pinahahalagahan ang buhay at karangalan. Alam niyang bagaman mahilig sa nightlife, wala namang ginagawang masama ang dalaga kaya malakas ang loob niyang ipagtanggol ito sa asawa.

Iyon nga lamang, medyo may katigasan ang ulo ng anak.

Marahil ay dahil na rin sa ugali ni Roberto. Palibhasa ay presidente ng kompanyang pag-aari nito mismo, nasanay ang kanyang asawa na napapasunod ang lahat ng taong nakapaligid dito, kaya naman maging silang pamilya nito ay animo mga empleyado rin kung ituring.

Kapag may sinabi ang asawa ay gusto nitong agad silang sumusunod. Kung kaya tila sinasadya talaga ni Ashley na suwayin ang kagustuhan nito. Natatandaan pa niya ang sinabi ng anak nang huli silang mag-usap mag-ina.

*"Bakit ba hindi maintindihan ng Papa na may sarili akong buhay? Bakit hindi niya muna ako hayaang maghanap ng trabaho sa ibang kompanya? Gusto kong patunayan sa sarili ko na kaya kong magtagumpay sa sarili kong paraan. Paano ko mapapamahalaan nang maayos ang VGC kung hindi ko muna mararanasang maging isang pangkaraniwang empleyado lamang? Hindi ba't mas maganda kung magagamit ko muna ang napag-aralan ko sa labas ng ating kompanya?"*

Nauunawaan ng doña ang gustong mangyari ng anak pero sa kasamaang palad ay ayaw iyong intindihin ng kanyang asawa kaya ngayon ay naiipit siya sa pagitan ng dalawa. Walang may gustong magbigay sa kanyang mag-ama.

Ganoonpaman ay sinisikap pa rin niyang mapagbago ang isip ng anak dahil batid niya ang kayang gawin ni Roberto kapag tuluyan na itong nagalit sa dalaga.

---

"Mabuti at gising ka na, anak," bati ng ginang sa bumaba na sa magarang hagdan si Ashley.

Dahil madaling araw na nang umuwi, hapon na halos nang magising siya. Sa tingin ng dalaga, talagang hinihintay ng ina ang pagbaba niya.

“Good afternoon, Mama. Bakit hindi mo ako ipinagising kay Aling Miling? Sumasakit tuloy ang ulo ko ngayon,” malambing na sabi niya.

“Paanong hindi sasakit ang ulo mo, nagpuyat ka na naman kagabi. Natitiyak kong hang-over iyan. Alam ng papa mo na madaling araw ka na namang umuwi kaya ihanda mo na ang sarili mo mamayang pagdating niya.” Malumanay itong magsalita kahit ganoong parang nanenermon na.

Hindi siya kumibo, sa halip ay dumerecho siya sa kusina at kumuha ng maiinom sa refrigerator. Nakasunod naman sa kanya ang doña.

Nagpatuloy ang kanyang ina, “Anak, kailan mo ba susundin ang kagustuhan ng papa mo? Nauunawaan ko ang gusto mong mangyari pero hindi ka ba naaawa sa kanya? Nahihirapan na rin siya sa pagmama-manage ng kompanya at kailangan ka niya para may makatuwang siya.”

“Ma,” umupo siya sa isang silya, “naiintindihan ko ang gusto niya. Dalawang taon lang ang hinihingi ko para pagbigyan niya akong magtrabaho sa iba. May pakiramdam kasi akong mas magiging mahusay ang pamamalakad ko kung mararanasan kong maging isang pangkaraniwang empleyado muna.”

"Bakit hindi mo pakiusapan ang papa mo na pumasok ka muna bilang ordinaryong empleyado sa *VGC*?"

"Mama, alam mong hindi iyon papayag. At saka imposible ang sinasabi mong iyan. Natitiyak kong dahil anak ako ng may-ari n'on, mai-intindimidate sa akin ang mga makakasama ko sa trabaho."

"And what's wrong with that, Ashley? Natural lamang na pangimian ka ng mga tauhan dahil ikaw ang nag-iisa kong anak! At huwag mo nang ipilit ang pagtatrabaho sa iba dahil kahit ano'ng gawin mo ay hindi kita papayagan," pagalit na sabi ng bagong dating na si Don Roberto.

"Papa!"

"R-Roberto…"

Magkapanabay na nasabi nina Doña Leticia at Ashley sa biglang pagdating ng lalaki nang hindi nila namamalayan.

"Kung hindi rin lang naman kita mapipilit na tumulong sa pamamahala ng ating negosyo ay naisip kong mas maganda kung mag-aasawa ka na lang. Tutal ay doon din naman ang tungo mo. Ang lalaking pakakasalan mo na lang ang gagawin kong katuwang sa pamamahala ng ating negosyo."

"Ano'ng akala mo sa pag-aasawa, Papa, isang business merger? At isa pa'y ayaw ko pang mag-asawa. I'm still young kaya mas gusto ko munang i-enjoy ang pagiging dalaga ko."

Sa tinatakbo ng usapan ay parang nahuhulaan na ni Doña Leticia kung ano ang mangyayari kaya mas pinili na lang niyang manahimik. Hahayaan niyang ang asawa ang magpaliwanag sa gusto nitong mangyari.

"Hindi pa ba pag-e-enjoy ang ginagawa mong paglabas gabi-gabi at pag-uwi nang halos umaga na? Ano'ng mapapala mo sa pagsama-sama sa mga kabarkada mong wala ring direksyon ang buhay? Hindi ko na hihintaying may masama pang mangyari sa iyo dahil sa katigasan ng ulo mo.

"Gaya ng nasabi ko na, alam ko namang darating ang araw na mag-aasawa ka rin kaya ngayon pa lang ay sasabihin ko na sa iyo ang tungkol sa naging kasunduan namin ng kumpadre kong si Don Victorino na nasa Amerika."

"A-anong k-kasunduan iyon, Papa? At sinong Don Victorino ang sinasabi mo?" medyo kinakabahang tanong ni Ashley.

"Si Don Victorino ay kaibigan ko. Naging

magkaklase kami noon sa high school hanggang sa kolehiyo. Iyon nga lamang doon na sila sa Amerika nanirahan pagkatapos niyang magpakasal kay Milagros, isa rin naming kaibigan noon. Pero kahit magkalayo kami ay patuloy pa rin ang aming komunikasyon.

"Hindi kailanman naputol ang aming pagkakaibigan. Noong nasa kolehiyo pa kami ay gumawa kami ng isang kasunduan na ang aming magiging mga anak ay ipakakasal namin pagdating ng panahon. At may palagay akong ngayon ang tamang oras para roon."

"H-hindi kita maintindihan, Papa," nanlulumong sabi ni Ashley.

Malinaw na rumehistro sa utak ng dalaga ang nais sabihin ng ama ngunit may piping kahilingan siya na nawa ay nagkamali lamang siya ng pandinig at pagkaunawa.

"Ang sinasabi ko'y paghandaan mo ang araw na darating dito sa Pilipinas ang kumpadre ko kasama ang asawa at ang anak nilang si Andrew. Pagdating nila ay nangangahulugang mag-uusap na kami tungkol sa inyong magiging kasal."

Napatayo na siya at derechong napatitig sa

mga mata ni Don Roberto. “W-what! You’re kidding, right? Bakit mo ako ipapakasal sa lalaking ni hindi ko nakikilala?”

“It’s because of your irresponsibility! Hahayaan ko na lang na ang magiging asawa mo ang tumulong sa akin. I’m sure, magkakaroon siya ng malasakit sa kompanya dahil para rin iyon sa magiging kinabukasan ng inyong anak.”

“Y-you can’t do this to me, Papa. Kahit kailan ay hindi ko pinangarap na magpakasal sa isang lalaki na pinili mo para sa akin. At anong klaseng lalaki iyon? Sunod-sunuran sa bawat maibigan ng kanyang ama? Wala ba siyang buto para tutulan ang pagmamanipula ng mga magulang niya?

Kung siya ay pumapayag sa inyong kagustuhan, ako hindi. Hindi ko matatanggap ang pagdidikta sa akin ng iba kahit pa ng sarili kong ama.”

Iyon lang at nagtatakbo na si Ashley pabalik sa kanyang silid. Hindi niya pinansin ang galit na pagsigaw sa kanya ng kanyang ama, gayundin ang nakikiusap niyang ina. Masamang-masama ang loob niya. Hindi niya akalaing aabot sa ganito ang pagiging diktador ng matandang don.

Ang ibang bagay na ginagawa sa kanya ng ama

ay mapapalagpas pa niya pero hindi ang kontrolin nito nang tuluyan ang buhay niya. Arranged marriage? Oh no! Akala niya ay sa telebisyon lamang iyon nangyayari. Hindi niya sukat akalaing puwede palang mangyari sa kanya ang bagay na ito.

*Well kung iniisip mo, Papa, na ganoon kadali mo akong mamamanipula ay nagkakamali ka. Over my dead body,* ang determinadong sabi ni Ashley sa sarili.

She had nothing against getting married. She was also dreaming of settling down and having her own children, but not this way. If she would ever decide to get married, it would be with someone she loved at hindi sa lalaking pinili lamang ng kanyang ama. This was outrageous… so passé.

Dahil sa nangyari ay isang pasya ang binuo ni Ashley. Bahala na. Ang mahalaga ay makalayo siya sa kanyang diktador na ama.

# 2

"Ang ulo ko, masakit." Umungol ang dalaga bago unti-unting nagkakamalay.

"Huwag ka munang kumilos at baka hindi pa kayanin ng iyong katawan," anang isang tinig na hindi siya pamilyar.

Dahan-dahang nagmulat ng mga mata ang babae. At kahit sa hirap na kilos ay nagsikap siyang makabangon.

"S-saan ako naroroon? S-sino ka?"

Agad lumapat ang mga kamay nito sa balikat niya at marahan siyang itinulak pahiga muli. "T-teka… ang sabi ko ay huwag ka munang bumangon. Hindi ako nakatitiyak sa kung ano ang nararamdaman mo ngayon. Ako si Paul. Nakita kitang nakahandusay sa gilid ng kalsada at walang malay. Hindi ko alam ang gagawin ko sa iyo kaya dinala kita rito sa bahay ko."

Malamig ang tinig na narinig ng dalaga kung kaya't pinilit nitong imulat nang tuluyan ang mga mata upang makita kung sino ang nagmamay-ari ng baritonong tinig na iyon. Hindi na niya itinuloy ang balak sanang pagbangon dahil sa totoo lang ay

sumasakit ang kanyang ulo.

Kahit nanlalabo pa ang paningin ay hindi naging sagabal iyon upang malinaw na mapagmasdan ng dalaga ang isang lalaking mapang-akit ang mga mata, mahahaba ang pilik at makakapal ang kilay. Ang pangahan nitong mukha ay lalong nagbigay rito ng kakaibang attraction sa kanya.

Idinako ng babae ang tingin sa mga labi nitong mamula-mula gayundin sa matangos na ilong ng lalaki.

Sa madaling salita, ito na yata ang pinakaguwapong lalaki na nakita niya sa tanang buhay niya.

Nagdikit ang mga kilay ni Paul. Parang hindi nito nagustuhan ang ginawa niyang pag-aaral anyo nito.

"Ano ang pangalan mo? At ano ba talaga ang nangyari sa iyo?" anito sa paangil na tono.

Nagulat ang babae sa paraan ng pagtatanong ng binata kaya naman ang paghangang kanina lamang ay nadama niya para rito ay mabilis na tinangay ng hangin papalayo at dagling napalitan ng pagkayamot. Still, pinilit niyang sagutin ang tinatanong nito.

"A-ako si… si—oh!"

Napatutop siya sa noo.

Bakit ganoon? Blangko ang laman ng kanyang isipan. Kahit ano ang gawin niya ay wala siyang maalala. Maging ang kanyang sarili ay hindi niya kilala.

"G-God, b-bakit ganoon? H-hindi ko maalala ang aking pangalan," nalilito at mangiyak-ngiyak na sabi niya.

"Ano'ng ibig mong sabihin?" anito.

"H-hindi ko alam. W-wala akong matandaan, wala akong maalala. S-sumasakit ang ulo ko," dugtong pa niya kasabay ng pag-iling.

"Niloloko mo ba ako? Paano mangyayari iyon?" bulyaw sa kanya ng binata.

Nagitla ang dalaga dahil sa galit na expression ng kaharap, ngunit mataray na sinagot niya ito.

"Bakit naman kita lolokohin? Wala talaga akong matandaan kahit anong pilit ang gawin ko!"

Pinagmasdan siyang mabuti ni Paul, wari ay inaarok ang katotohanan sa kanyang tinuran. Pinasadahan ng binata ng tingin ang magandang

mukha ng kaharap. Bagaman nakapikit ito kanina ay hindi ito pinagsawaang titigan ni Paul—ang maamo nitong mukha, gayundin ang makinis at maputi nitong kutis.

At ngayong may malay na ang babae ay tila ba lalong lumutang ang kaakit-akit nitong hitsura. Sa kabila ng pangingitim sa may bahagi ng noo ay hindi man lang napingasan ang taglay nitong kagandahan. Ang mahaba at alun-along buhok ng dalaga ay mukhang madulas at makintab, waring kay sarap haplusin.

Ang magandang hubog ng kilay nito at ang medyo makapal na pilikmata ay tunay na makatawag-pansin. Napaka-expressive ng mga mata nito… lalo ngayon na patuloy ang pagbibigay nito sa kanya ng matatalim na irap.

Medyo may kaliitan ngunit matangos ang ilong nito. At nakadagdag pa sa kariktan ng dalaga ang pagkibut-kibot ng mamula-mula at maninipis nitong labi dahil sa ginagawa nitong pasimpleng pagsimangot sa kanya.

Hindi tuloy maiwasan ni Paul na maaliw habang nakatingin dito lalo at halos mag-abot na ang mga kilay nito ngayon. Mayamaya pa ay naging pilyo naman ang pagkakangiti ng binata nang mapadako

ang tingin niya sa dibdib ng dalaga. Naaaninag niya kasi ang maputing kutis na medyo lumilitaw dahil bukas ang dalawang butones ng suot nitong damit.

Sinundan ng babae ang tinititigan ng binata at ganoon na lang ang pamumula ng kanyang mukha… hindi nga lang niya matiyak kung dahil sa galit o sa pagkapahiya.

“H-hindi mo ba alam na labag sa kagandahang-asal ang ginagawa mong pag-aaral sa aking anyo?” pagtataray niya.

“Oh, is that so? Baka absent ako sa eskwelahan nang ituro iyan sa amin ng teacher ko. But if that’s true, it would only mean na lumabag ka rin sa kagandahang-asal na tinutukoy mo kani-kanina lang,” sarkastikong sagot nito.

Dagling nag-init ang mga pisngi ng babae. Hindi niya inakala na napansin pala nito ang pag-aaral na ginawa niya sa anyo nito kanina.

“Wait, is it possible that you acquired amnesia kaya hindi ka makaalala?” pagkuwan ay tanong ng binata.

Lihim namang ikinatuwa ng babae ang pag-iiba nito ng usapan. Saglit siyang pumikit upang pilit na balikan ang pangyayari na nagdala sa kanya sa

kinasusuungang sitwasyon ngayon. At ganoon na lang ang panghihilakbot niya dahil tila bumalik siya sa isang pangit na bangungot.

Nakita niya ang mga pangit na mukha ng tatlong lalaki na pilit na umagaw sa kanyang bag. Ang isa sa mga ito ay hindi pinansin ang mga nakuha sa kanya, bagkus ay siya ang pinagdiskitahan. Inilapit pa nito ang mukha sa kanya at waring gusto siyang halikan. Diring-diri siya dahil sa mabaho nitong hininga kung kaya pilit niyang inilalayo ang sarili rito.

*"Aba, suplada! 'Yan ang tipo ko sa mga babae, lumalaban. Ang kinis ng isang ito, mga pare ko," sigaw nito pagkuwan sa mga kasamahan na patuloy sa paghahalughog sa kanyang bag.*

*"Umiral na naman ang pagkamanyakis mo. Tigilan mo na iyan at baka iyan pa ang ikapahamak natin," anang isa bagaman hindi naman itinigil ang ginagawa.*

*"Mukhang may sinabi ang isang ito, mga pare. Ang daming pera at credit cards! Bigatin ito, tiba-tiba tayo ngayon!"*

*Nagpakawala ang mga ito ng tawa na nagpatayo sa mga balahibo ng dalaga.*

*Pilit siyang hinapit ng isang lalaki.*

*"Halika dito, babe…Pa-kiss nga," humahalakhak na sabi nito, sabay halik sa pisngi niya.*

---

"H-huwag! Bitiwan mo ako!" Biglang nagpupumiglas ang dalaga.

"H-hey, c-calm down! It's okay, it's just me. Ano ba ang naalala mo? Please… stop fighting me at baka dumugo ang sugat mo," nag-aalalang sabi ni Paul sa babae.

Subalit nagpatuloy sa panlalaban ang dalaga kaya nabahala na siya.

"Shh… Don't worry, honey. You're safe now," aniya habang masuyong hinahaplos ang likuran nito.

Because of that gentle gesture ay unti-unting nabawasan ang panginginig ng dalaga. Dahil sa malambing na tinig na ginamit nito ay napawi ang kanyang takot. Nagkaroon siya ng pakiramdam na safe siya sa matitipunong bisig na nakayapos sa kanya nang mga sandaling iyon. Napayapa ang kanyang kalooban. Lumipas ang ilang sandali na nasa ganoon lamang silang posisyon.

Mayamaya ay unti-unting iniangat ng dalaga

ang tingin at hindi sinasadyang napatitig siya sa labi ng mga binata.

At ewan niya, para siyang nahihipnotismo. Dahan-dahan niyang iniawang ang kanyang mga labi. Wala siyang kamalay-malay na lalo siyang naging kaakit-akit sa paningin ng binatang katabi. Ang kanina ay imahinasyon lamang niya ay naging isang katotohanan na ngayon… dahil dama niyang totoo ang mga labing mainit at masuyong humahalik sa kanya.

Kahit wala siyang maalala tungkol sa sarili, natitiyak niyang hindi iyon ang first kiss niya. Alam din niyang hindi pa siya nahalikan nang ganoon—na parang huminto sa pag-ikot ang mundo at ang tanging may buhay ay ang mga halik ng estranghero.

She closed her eyes and savored the taste of his lips. Magaan ang ginagawa nitong paghalik sa kanya, tila tinatantya kung may gagawin siyang pagtutol. Kumawala sa labi ng dalaga ang isang mahinang ungol at tila naging hudyat iyon upang mas lumalim ang halik ng binata.

Subalit naputol ang saglit na kahibangan ng dalaga nang maramdaman niya ang pangahas na kamay ng binata na marahang humihimas at dumadama sa isa niyang dibdib. Bigla niya itong

naitulak. Tumungo siya upang hindi makita ng binata ang pamumula ng kanyang pisngi.

"I... I'm okay now. P-pasensya ka na uli… but I really can't really remember anything."

Napahawak siya sa sugat sa kanyang noo at napangiwi dahil sa nadamang kirot.

"I... I'm sorry… h-hin—" Tila walang maisip na maisunod na sasabihin ang lalaki kung kaya bumuntong-hininga na lamang. "Sige, huwag mong pilitin ang sarili mong mag-isip. At huwag mong hawakan ang sugat mo, baka maimpeksyon. Magpahinga ka na lang muna ulit. Marahil ay tumama ang ulo mo sa isang matigas na bagay kaya wala kang maalala sa ngayon."

Hindi siya sumagot kung kaya nagpatuloy si Paul,

"Nilinis ko na ang sugat mo kanina habang wala kang malay at nilagyan ko na rin ng gamot. Pero pinapupunta ko pa rin dito bukas ang kaibigan kong doktor upang matingnan ang iyong kalagayan. Hindi daw siya puwede ngayon dahil may schedule siya ng operasyon sa ospital kaya matulog ka muna. Ipahinga mo ang utak mo at nang gumanda ang pakiramdam mo." Tumayo na ito. "Naroon lang ako

sa kabilang kuwarto. Tawagin mo ako kung sakaling kumirot ang sugat mo."

Inalalayan siya ni Paul hanggang makahiga siya muli bago ito lumabas ng silid na iyon.

# 3

"That's temporary amnesia. Maaaring dahil sa pagkakahampas ng ulo mo sa isang matigas na bagay. Baka noong hinimitay ka at bumagsak ang ulo mo sa semento. Maaaring iyon din ang sanhi ng sugat mo sa noo," paliwanag ni Ariel, ang kaibigang doktor na sinasabi ni Paul. Walang imik na nakatitig lang siya rito.

"Salamat, pare. Pero kailan babalik ang memorya niya?" pabiglang tanong ni Paul na ikinalingon ng dalawa. Hindi napansin ng mga ito na nasa loob na rin pala ng silid ng bisita ang lalaki.

Tinapunan siya ng nakikisimpatyang tingin ng doktor.

"Pansamantala lang iyan. Unti-unti ring babalik ang iyong memorya habang naghihilom ang sugat. Huwag mong pilitin dahil baka lalo lang makasama sa iyo. Makakaalala kang muli… unless ikaw mismong may katawan ang may ayaw," makahulugang paliwanag ng binatang doktor. Kasalukuyan na nitong ibinabalik sa medical bag ang mga gamit.

Napatitig si Paul sa dalaga bago muling tinanong

ang kaibigan.

"Ano'ng ibig mong sabihin?" tanong nito.

"Minsan kasi ay may malulungkot na pangyayari sa ating buhay na ayaw tanggapin ng isip natin. Ayaw nating maalala pa kaya pilit natin itong binubura sa ating sistema. Ito ang mga bagay na nagdudulot sa atin ng matinding kalungkutan at galit kaya subconsciously ay pilit natin itong kinakalimutan. At kapag ganoon ang kaso, mismong ang may katawan lamang ang makakatulong sa kanyang sarili," mahabang paliwanag pa ni Ariel.

May fondness na tiningnan muli ng doktor ang babae pagkuwan ay tumayo na ito.

"O paano, pare, may pasyente pa ako sa ospital. Okay na siya pero kung magkakaproblema ay pupuwede mo siyang dalhin sa clinic." Muli siya nitong binalingan, "'Wag kang mag-alala, Miss Beautiful. Inumin mo lang ang mga gamot na ibinigay ko and I'm sure after a week, you would be as good as before."

Marahang tinapik ni Paul ang balikat ng kaibigan.

"Just send the bill, pare. Come, ihahatid na kita hanggang sa labas."

Iyon lang at iniwan na ng dalawa ang natitigilan pa ring dalaga.

---

Sinabayan ni Paul si Ariel hanggang makarating sila sa garahe kung saan naroroon ang sasakyan ng doktor.

“Maganda siya, di ba, pare? Hindi nakapagtataka kung bakit ganoon na lang ang pagmamalasakit mo sa kanya,” may panunuksong sabi nito.

“Naawa lang ako sa kanya nang makita ko siyang walang malay sa daan. Mukhang nabiktima ng mga hold-uppers. Nai-report ko na nga ang nangyari sa kinauukulan. At dahil hindi ko alam kung sino siya at kung saan siya ihahatid ay dinala ko na lang siya dito pansamantala.”

“I know your weakness, lalo’t magandang babae na ang involved. Kaya lang let me remind you, Paul, of your own personal problems.”

“Hindi ko nalilimutan ang tungkol doon, Ariel. Kaya nga ako naririto. Gusto kong mag-isip. I love and respect my parents kaya lang ay hindi ko talaga matanggap na magagawa nila sa akin iyon.”

“Don’t think about it. Ang mabuti pa ay alagaan

mo na lang mabuti si Miss Beautiful. Alam mo, tingin ko bagay kayong dalawa."

Nalukot ang mukha ni Paul. "Umiral na naman ang kalokohan mo. Ano ba'ng pinagsasasabi mo, tinulungan ko lang siya at wala nang iba."

"Pero isipin mo, Paul. Bakit sa dinami-dami ng tao na puwedeng makakita sa babaeng iyan ay ikaw pa ang nagkataong paparaan sa lugar na iyon? Hindi kaya hulog siya sa iyo ng langit? Ano sa tingin mo?"

"Teka, akala ko ba may appointment ka pa sa ospital? Sige na, tama na ang panunukso at baka naiinip na ang pasyente mo. Alam kong mahaba pa ang magiging biyahe mo kaya lumakad ka na. Ingat sa pagmamaneho. Tandaan mo, wala kang pagsasabihan kung nasaan ako, maliwanag?"

"Yeah. Sige, pagbutihan mo ang pag-aalaga kay Miss Beautiful, ah!"

Iyon lang at sumakay na ito sa sasakyan. Hinabol na lang ng tanaw ni Paul ang papalayong kaibigan. Mayamaya ay iiling-iling na bumalik siya sa loob ng kabahayan.

# 4

Samantala sa bahay ng mga Villaruel ay nagkakagulo dahil sa paglalayas ng kanilang nag-iisang anak.

"Tingnan mo ang ginawa ng magaling mong anak, mapapahiya ako sa aking kumpadre. Paano kung dumating na sila dito sa Pilipinas upang mamanhikan at hindi pa natin nakikita ang anak mo? Anong mukha ang ihaharap ko sa kanila?"

Galit na nagpalakad-lakad ang don sa kalawakan ng sala.

"Huminahon ka, Roberto. Kilala ko si Ashley. Nagpapalamig lang siguro iyon ng ulo. Babalik din iyon. Ikaw naman kasi, sukat ba namang biglain mo ang anak mo. Alam mo namang may katigasan ang ulo niyon. Naghintay ka muna sana ng tamang pagkakataon bago mo sinabi ang napagkasunduan ninyo ni Victorino."

"Ikaw ang may kasalanan kung bakit ganyan katigas ang ulo ng batang iyan. Lagi mo na lang siyang kinakampihan, sinusunod ang kanyang bawat maibigan. Kaya hayan, hindi na natin siya mapasunod sa gusto natin na kung tutuusin ay para

rin naman sa kapakanan niya," galit na pahayag ni Don Roberto. At anong tamang pagkakataon ang sinasabi mo? Nakikita mo naman kung gaano kairesponsable ang anak mo. Walang inatupag kundi good time, night life, barkada at kung anu-ano pa. Oo nga at nagpaturo kung paano patatakbuhin ang ating negosyo pero masipag lang sa simula. Nang magsawa ay bumalik din sa dating gawi.

"Gusto ko lang namang mapabuti siya at nakatitiyak ako na ang anak ng kumpadre ko ang nababagay sa kanya. Sigurado ako na mapapatino siya ni Andrew," patuloy pa ng lalaki. Unti-unting nabawasan ang angil sa tinig nito.

Napabuntong-hininga na lang si Leticia. "Oo, alam ko iyon. Pero kanino ba nagmana ng katigasan ng ulo ang anak mo? Hindi ba't sa 'yo din?" Hindi nakasagot ang matandang don. "Huwag mong sabihing ako lang ang may kasalanan dahil dalawa tayong nagpalaki sa kanya. Hayaan mo at tatawagan ko ang mga kaibigan niya. Itatanong ko kung napagawi doon si Ashley."

"Sige, ako naman ay tatawag sa kumpadre ko sa Amerika para maipaalam na may konting problema kay Ashley."

Kasasabi lang iyon ni Don Roberto nang bigla

namang nag-ring ang telepono.

---

"Hello… Vic, napatawag ka? Kumusta na kayo diyan nina Mare? Maganda pa rin ba ang takbo ng mga negosyo ninyo diyan sa America? Balita ko booming rin ang steel industry ninyo, ah," tuwang-tuwang sabi ni Don Roberto.

"Ang lagay ay sinusuwerte lang nang kaunti. Okay naman kami dito. I hope na hindi rin kayo nagkakaproblema diyan." Sa pandinig niya, kulang sa kasiyahan ang sagot ni Don Victorino sa kabilang linya.

"Siyanga pala, kumusta na si Andrew? Kailan ba ang dating ninyo rito para mamanhikan kasi—"

"N-naku, baka matagalan pa nang kaunti kasi ay may inaasikaso pa kami dito. Alam mo na… Ang binata ko ay masyadong abala sa negosyo kaya hindi pa makapag-schedule ng pag-uwi diyan sa Pilipinas. Basta itatawag ko na lang sa iyo, kumpadre, kapag nakapag-book na kami ng flight."

"Ah, ganoon ba? O sige… basta't maghihintay na lang kami dito ng tawag mo."

"Sige, nawa'y matuloy na agad itong pagiging

magbalae natin. Aba'y tumatanda na tayo, pañero, pero hanggang ngayon ay wala pa tayong inaalagaang apo." Napapalatak pa ito.

"Oo nga. Kami man ni Leticia ay nasasabik na ring mag-alaga ng apo."

"Hayaan mo at aapurahin ko ang binata ko na tapusin na ang mga dapat ayusin dito at nang sa gayon ay makapunta na kami riyan."

Naputol na ang linya subalit medyo natitigilan pa rin si Don Roberto dahil parang nakakahimig siya ng problema sa tono ng pananalita ng kaibigang si Don Victorino Saavedra.

Naputol ang daloy ng kanyang iniisip nang sabihin sa kanya ng asawa na walang nakakaalam sa lahat ng kaibigan ni Ashley kung saan ito naroroon.

"Hindi ako naniniwala na wala silang alam. Natitiyak kong isa sa kanila ang kumukupkop ngayon sa anak mo. Hindi kaya kay Lizbeth siya tumuloy nang umalis dito? Natitiyak kong may kinalaman siya sa pag-alis n'un." Ang tinutukoy niya ay ang matalik na kaibigan ng anak.

"Sabihin mo na subaybayan ang mga kaibigan ni Ashley, lalo na si Lizbeth. Sige, papasok na ako sa opisina. Tawagan mo kaagad ako kapag may balita

na."

---

"Hayan, naiparating ko na sa kumpadre ko na hindi muna tayo matutuloy sa pamamanhikan. Idinahilan ko na lang na abala tayo sa negosyo, lalo na ang anak natin. Nahihiya ako kaya't hindi ko masabi ang totoo na lumayas ang bagamundo mong anak. At hanggang ngayon ay hindi natin alam kung saan siya naroroon," sabi ni Don Victorino sa asawa pagkababa nito ng telepono.

"Nagpapalipas lang siguro ng sama ng loob ang anak mo. Hindi ko naman sukat akalain na seryoso pala kayo ni Roberto sa inyong biruan noon na ipakakasal ninyo ang inyong magiging anak. Kaya hindi ko masisisi ang anak mo kung sumama ang kanyang loob at napagpasyahang umalis," pagtatanggol ni Doña Milagros sa anak. "Kilala ko ang ugali ni Andrew. Hindi mo siya mapipilit sa isang bagay na hindi niya gusto kaya kung namumroblema ka ngayon, kasalanan mo 'yan."

"Teka, hindi ba't gusto mo rin naman ang ideyang ito? Bakit ngayon ay ako lang ang sinisisi mo sa pag-alis ng anak mo?"

"Wala akong tutol sa pag-aasawa ng anak

mo, sa katunayan ay gusto ko na talaga ng apo. Ang ayaw ko lang ay iyong pipilitin natin siya sa babaeng hindi niya gusto. Nakita ko kung paano siya nagalit dahil sa panghihimasok natin sa damdamin niya. Nauunawaan ko ang kanyang kagustuhan na magpakasal sa babaeng siya mismo ang pipili, hindi doon sa kung sino ang gusto natin para sa kanya," mahabang paliwanag ng ginang.

"Ah, basta. Hindi na ako p'wedeng tumalikod sa kasunduan namin ni Roberto. Malaki ang utang-na-loob ko sa kanya. Baka nakakalimutan mong kung hindi sa maliksing pagsagip niya sa akin n'ong mga bata pa lang kami ay tiyak na namatay na ako.

"Hindi ako marunong lumangoy kaya't nang tumaob ang bangkang aming sinasakyan nang minsang magkaroon kami ng field trip noong nasa high school pa lang kami ay nag-panic ako. Subalit hindi ako pinabayaan ni Roberto. At n'ong nag-aaral pa si Andrew, hindi ba't nagkaroon tayo ng kaunting problema sa negosyo natin? Kung hindi natin naagapan agad iyon, malamang ay nauwi iyon sa tuluyang pagkalugi. At huwag mong kalimutan na si Roberto ay isa sa mga tumulong sa atin."

"Naroon na ako, pero unawain mo rin ang ating anak. Bakit hindi muna natin hayaang

magkakilala silang dalawa at hintayin ang panahong magkagustuhan sila? Sa ganoong paraan, hindi na masasabi ng anak mo na pinilit natin siya sa isang bagay na hindi niya gusto," suhestyon ng doña.

"Nakita mo naman kung paano siya makipagrelasyon sa mga babae. Kabi-kabila ang nobya niya. Napakaraming tumatawag dito at hinahanap siya. Paano kung dumating ang panahong mapikot siya? Alam mo namang napakaraming oportunistang babae ngayon.

At ang anak ni Kumpadre na iyon, siya ang gusto kong maging manugang natin… sa ayaw at sa gusto ng anak mo," pagtatapos ng don.

# 5

Hindi makatulog ang dalagang bisita ni Paul. Nakatitig lamang siya sa kisame at pilit inaalala ang mga nangyari sa kanya.

*Please let me remember things… ayoko ng ganitong pakiramdam,* piping dasal niya. Hindi niya alam kung ano ang mangyayari sa kanya kapag hindi niya naalala kung sino siya at bakit siya naroon sa lugar na iyon. Gusto na niyang umalis doon. Hindi siya nakatitiyak sa ugali ng lalaking iyon na kumukupkop sa kanya.

May pakiramdam siyang nanganganib siya sa Paul na iyon. Kahit maayos naman itong makitungo sa kanya, masama pa rin ang kutob niya. Hindi niya alam kung bakit kinakabahan siya kapag nakikita ito at parang hindi siya makahinga kapag nakatitig ito sa kanya. Kailangang makaalala na siya nang sa gayon ay makaalis na siya roon.

*Bakit di mo aminin na natatakot ka lang dahil sa lakas ng atraksyon na nararamdaman mo sa kanya?* anang isang bahagi ng isip niya. Pero pinalis niya iyon kaagad.

Mariin niyang ipinikit ang kanyang mga mata at nagpilit na makatulog. Mayamaya lang ay himbing na ang dalaga. Hindi niya namalayan nang maingat na pumasok si Paul sa kanyang kuwarto at mataman siyang pinagmasdan sa kanyang pagtulog.

Hindi maipaliwanag ng binata ang kanyang nararamdaman habang tinititigan ang maamong mukha ng estranghera habang nakapikit ito. Nalilito siya dahil hindi ito ang unang pagkakataon na may nakasama siyang isang magandang babae sa bahay. Bakit may pakiramdam siyang may hatid na problema sa kanya ang babaeng ito?

Hindi maaaring magtagal doon ang babae. May sarili siyang problema at hindi niya gugustuhing dumagdag pa ito sa mga alalahanin niya.

Tumututol ang kanyang kalooban habang naiisip ang mga bagay na iyon. Hindi niya maitatanggi na kanina nang halikan niya ang dalaga ay may naramdaman siyang kakaiba. Hindi ito ang unang babaeng hinalikan niya ngunit ibang-iba ang naging pakiramdam niya kanina. Sa pakiwari pa nga niya ay walang kasing-tamis ang labi nito.

Hindi niya intensyong halikan ang dalaga kanina subalit waring namagneto siya nang makitang bahagyang nakaawang ang mga labi nito na tila

nag-aanyaya. Isa pang dahilan marahil ay nang makita niyang parang nahihirapan ito at natatakot habang pinipilit nitong alamin kung sino ito. At ang paghalik sa dalaga ang naisip niyang paraan upang payapain ang kalooban nito.

Nagpawala siya ng isang malalim na buntong-hininga. Ang pagnanais na alisin ang anumang mabigat na dinadala ng dalaga ay damang-dama niya kanina kaya't natatakot siya para sa sarili kung magtatagal pa ito sa bahay niya. Marahan siyang lumapit sa kama ng dalaga at muling pinagsawa ang paningin sa nakalatag na kagandahan.

*She's really beautiful*, amin niya sa isip. Tama ang kaibigan niyang si Ariel. Hindi man lang nabawasan ang kariktan ng dalaga sa kabila ng pagkakaroon ng nangingitim na pasa malapit sa kilay.

Kinumutan niya ang dalaga pagkatapos itong bigyan ng huling sulyap. Sa sarili ay pilit niyang itinatanggi na kung siya ang masusunod ay hindi niya nanaisin na umalis pa ang magandang babae sa piling niya. Maingat niyang isinara ang pinto nang makalabas ng kuwarto nito.

---

Alumpihit ang babaeng natutulog. May naririnig

siyang nagtatalo subalit hindi malinaw sa kanya kung ano ang pinag-uusapan ng mga ito. May kutob siyang may kinalaman sa kanya ang pinagtatalunan ng dalawa kung kaya nagpilit siyang alamin kung ano iyon.

Lumapit pa siya at nakita ang isang babae at lalaki. Malalabo ang mukha ng mga ito, hindi niya makilala. Nararamdaman niyang may kaugnayan sa kanya ang mga ito. Kakaiba ang sikdo ng kanyang dibdib habang tinititigan niya ang dalawa.

Pilit niyang tinatawag ang mga ito ngunit hindi naman siya naririnig. Napaiyak siya sa desperasyon. Nagising siya sa mahinang pagyugyog sa kanyang balikat.

“Shh… wake up, honey. You’re just dreaming. Tahan na, I’m here,” masuyong bigkas ni Paul sa dalaga. Kaagad siya nitong niyakap at inalo.

“M-may nakita akong b-babae at lalaki, nagtatalo sila. Tinatawag ko sila p-pero hindi nila ako naririnig. N-nag-uusap sila… naroroon ako pero hindi nila ako nakikita. Bakit ganoon? Kahit lumapit na ako sa kanila ay malabo pa rin ang mga mukha nila,” umiiyak na kuwento ng dalaga.

“Panaginip lang iyon. ’Wag ka na kasing mag-

isip ng kung anu-ano. Pasasaan ba't maaalala mo rin kung sino ka. Pansamantala ay hayaan mong tawagin muna kitang 'Kristine'. " Ngumiti ito nang matamis kung kaya lumabas ang biloy nito sa pisngi.

Napasinghap si 'Kristine.' Kung guwapo si Paul kapag pormal ang mukha ay higit pa pala kapag nakangiti ito. Sapat na iyon para gumaan ang kanyang pakiramdam at makalimutan ang masamang panaginip.

"I… I'm sorry kung naistorbo kita sa pagtulog mo. Nahihiya kasi ako sa iyo kaya gusto kong maalala kung sino ako. A-ayokong makaabala sa iyo nang husto. Sa sandaling maalala ko kung sino ako ay madali na para sa akin na malaman kung saan ako uuwi," madamdaming pahayag pa rin ng dalaga.

"Sino ba ang nagsabi na nakakaabala ka? Hindi naman kita pinapaalis kaya ipanatag mo ang loob mo. And if you want the truth, mas gusto ko nga na di ka na makaalala pa. Puwede kang dumito hanggang gusto mo kaya tigilan mo na ang pagpupumilit na alamin kung sino ka," marahas na bigkas ni Paul na ikinagulat ng dalaga.

"Matulog ka na uli… nakalimutan mo na ba ang sinabi ni Ariel na kusang babalik ang memorya mo? Kaya huwag mong pilitin ang sarili mo at baka

lalong makasama sa iyo. Sige… lalabas na ako at nang makapagpahinga ka na uli," medyo mahinahon nang dugtong ng binata bago tuluyang lumabas ng kanyang silid.

Hindi nakahuma ang dalaga sa kanyang pagkagulat. Iniisip niya kung bakit ganoon na lang ang galit ng binata. Hindi niya maunawaan kung alin ba sa mga sinabi niya ang ikinagalit nito.

Ano ang ibig ipakahulugan ng binata nang sabihin nitong mas gugustuhin pa nito kung hindi na siya makakaalala pa?

Subalit hanggang sa makatulog siya ay hindi niya iyon nabigyang-kasagutan.

# 6

Isang buwan ang matuling lumipas…

Kahit tuluyan nang naghilom ang sugat sa noo ng dalaga ay hindi pa rin niya naaalala ang kanyang nakaraan. Sa tagal ng panahong iyon na magkasama sila ng binata ay napatunayan niyang ang pagiging brusko nito ay hindi natural ng lalaki. Maginoo ito. Sa katunayan, lagi itong nakaalalay sa kanya lalo na sa tuwing pinipilit niyang alamin kung sino siya.

Isang araw ay dinala siyang muli ng binata sa lugar kung saan siya nito unang natagpuan. Sa ikalawang pagkakataon ay magbabakasakali silang makakatulong iyon sa pagbabalik ng kanyang alaala.

Noong unang beses kasi silang nagpunta sa lugar na iyon ay medyo natakot siya dahil sariwa pa sa isip niya ang nangyari kaya naman iniuwi siya kaagad ni Paul.

At ngayon nga ay heto na naman sila, subalit bukod sa medyo nawala na ang takot niya sa lugar na iyon ay wala nang iba pang nangyari. Gaya ng dati ay nananatiling blangko ang kanyang isipan. At malapit nang mawalan ng pag-asa ang dalaga.

"B-bakit ganoon? W-wala pa rin akong maalalang kahit ano," nanlulumong sabi ni Kristine.

"Hindi pa siguro ito ang tamang panahon. Huwag kang mawawalan ng pag-asa."

"Natatakot ako, Paul. Paano kung tuluyan nang mabura sa aking alaala ang nakaraan ko? Ano na ang mangyayari sa akin? Ayoko ng ganitong pakiramdam. Tila ba isa akong papel na inililipad na lang ng hangin sa kawalan. Kung saan mapapadpad ay walang nakakaalam."

Sa tindi ng nararamdamang depresyon ay napaiyak ang dalaga.

"Nahihiya na ako sa iyo. May sarili kang buhay, alam ko. Hindi ka man nagsasalita ay natitiyak kong nakakaabala na ako sa iyo nang husto. Tutal naman ay magaling na ang sugat ko, maaari na siguro akong umalis sa bahay mo at haraping mag-isa ang suliranin ko. Baka nakakabigat na ako sa iyo."

"May narinig ka ba sa aking reklamo? At paano mo haharaping mag-isa ang problema mo kung kahit pangalan mo ay hindi mo alam? Saan sa palagay mo ikaw pupunta? Baka lalo ka lang mapahamak kung aalis ka, kaya mananatili ka dito sa bahay ko hangga't hindi ka pa magaling."

"P-pero ano na lang ang sasabihin ng pamilya mo kapag nalaman nila na may pinatitira ka rito? Hindi kaya mag-isip sila ng kung anu-ano?"

Sa pagkarinig sa salitang pamilya ay natigilan si Paul. Naalala niya ang kanyang mama. Natitiyak niyang nababahala na ito sa kanyang pag-alis. Ngunit nang maisip ang ama at ang dahilan kung bakit siya ngayon naririto sa Pilipinas ay muling nagbalik ang hinanakit niya.

"Huwag mong problemahin iyon, Kristine. Ipanatag mo ang loob mo. Kahit pa makarating sa kanila ang tungkol sa iyo at ang pagtira mo rito, wala silang magagawa. Alisin mo na sa isip mo ang balak mong pag-alis sa poder ko dahil hindi kita papayagan."

"P-pero, Paul…"

"Wala nang pero-pero. Ako ang masusunod sa bagay na ito. Mananatili ka sa bahay, sa ayaw mo man o sa gusto. Period."

*Sa ayaw mo man o sa gusto, ako ang masusunod… wala ka nang magagawa pa…*

Paulit-ulit na nag-echo sa isip ng dalaga ang mga katagang ito. Parang narinig na niya ang mga salitang iyon. Parang may nagsabi na sa kanya ng

mga iyon… hindi nga lang niya matukoy kung sino at kung kailan. Pinilit niyang balikan kung saan niya narinig ang mga iyon pero pagkaraan ng ilang saglit ay sumakit lang muli ang kanyang ulo. Mariin siyang napapikit sabay tutop sa noo.

Napansin ng binata ang pagpikit na iyon ng dalaga at nabahala siya sa waring paghihirap nito.

“Kristine, why? What’s happening to you? Sumasakit na naman ba ang ulo mo?”

“M-may naalala lang ako bigla pero dagli ring nawala.”

“Y-you mean… you are remembering things already? Ano ang naalala mo?” Hindi alam ng binata kung bakit may takot na sumapuso niya sa kaisipang iyon.

“Para kasing pamilyar na sa pandinig ko ’yung sinabi mo. Hindi ko maalala kung saan at kailan ko iyon narinig. P-pero natitiyak kong may nagsabi na sa akin noon…”

“Sige, hayaan mo na muna kung hindi mo talaga maalala. Huwag mong pilitin at baka lalong sumakit ang ulo mo. What’s important is you’re starting to remember and that’s a good sign. Hintayin natin kung ano ang masasabi ni Ariel tungkol dito. Sa

ngayon ay halika na, umuwi muna tayo.”

Inalalayan ni Paul ang dalagang pinangalanang Kristine pabalik ng sasakyan. Sa isip ay hindi niya maiwasang mangamba dahil sa nalamang nagsisimula na itong makaalala. Nangangahulugan na ba ito na malapit na silang magkahiwalay? Bakit ganoon… parang ayaw niyang dumating ang araw na iyon?

Hindi ba dapat matuwa siya dahil sa oras na manumbalik na ang alaala ng dalaga ay mahaharap niya na nang lubusan ang kanyang sariling suliranin?

Nakatanaw sa labas ng sasakyan si Kristine at hindi nagsasalita. Hindi nakatiis si Paul.

“Ano’ng iniisip mo?”

Napatingin sa kanya ang dalaga. “W-wala naman.”

“Sumasakit pa rin ba ang ulo mo hanggang ngayon?” Umiling si Kristine. “By the way, baka nagugutom ka na. Gusto mong pumunta muna tayo sa may plaza at tuloy ay makakain na rin bago tayo umuwi sa bahay?”

“’Wag mo akong alalahanin. A-ayos na ang pakiramdam ko pero gusto ko na sanang magpahinga

kung hindi mo mamasamain."

"Ikaw ang bahala. Pero gaya ng sinabi ko, huwag ka munang mag-isip ng kung anu-ano. Dito ka muna sa bahay ko hangga't hindi pa malinaw ang iyong alaala."

Iyon lang at walang kibuang tinahak na nila ang daan pauwi.

---

Walang nagawa si Kristine kundi ang manatili sa bahay ng binata dahil wala rin naman siyang pagpipilian. Wala siyang alam na pupuntahan at natatakot siyang mapahamak kung aalis siyang hindi tiyak ang patutunguhan.

Sa paglipas ng mga araw ay hindi niya mapigilan ang sarili na magkaroon ng espesyal na damdamin para sa binata.

Kahit pa nga minsan ay hindi niya maintindihan ang pabagu-bago nitong ugali—minsan ay malambing, kung minsan ay tahimik pero kadalasan ay bruskong magsalita.

Dahil naiinip sa loob ng bahay, naisipan ni Kristine na ayusin na lang ang mga tanim na bulaklak sa hardin sa harapan ng bahay ni Paul. Ayaw kasi

siya nitong patulungin sa mga gawaing-bahay kahit sa pagluluto, dahil may maid naman daw na regular na nagpupunta sa bahay para maglinis at maglaba.

Halos nabasa na niya ang mga libro sa mini-library ng binata kaya sa halip na matulog ay pinagdiskitahan na lang niya ang mga halaman sa garden. Tutal ay may pakiramdam siyang mahilig siya talaga sa halaman.

Pawis na pawis na si Kristine nang may biglang humintong sasakyan sa labas ng tarangkahan ng bahay.

"Tao po! Mawalang galang na po. Maaari po bang magtanong?" anang tinig na nagmula sa lalaking bumaba sa isang magarang sasakyan.

"Ano ang maipaglilingkod ko sa inyo?" tanong niya sa lalaki na ngayon ay matamang nakatingin sa kanya.

Bakas sa expression nito ang matinding paghanga sa dalagang bagaman tumutulo ang pawis ay nananatili naman ang kariktang tiyak na hahangaan ng sinumang lalaki.

"Ahm, may hinahanap kasi akong bahay ng isang kaibigan. Pero mukhang hindi ko na matandaan kasi matagal-tagal na ring hindi ako nakakadalaw

sa kanya kaya itatanong ko lang kung may kakilala kang—"

Hindi pinatapos ni Kristine ang sinasabi ng lalaki.

"Naku, pasensya ka na. Bisita lang kasi ako rito. Hindi ko kilala ang mga taong nakatira sa lugar na ito kaya hindi kita matutulungan sa bagay na iyan," nahihiyang aniya.

"Ah, ganoon ba? Hindi bale, sa banda diyan na lang ako magtatanong. Siyanga pala, I'm Patrick from Quezon City. Ang sabi mo'y bisita ka lang dito. Taga-saan ka ba at okay lang ba kung itanong ko rin kung ano ang pangalan mo?" usisa nito.

Pagkasabi noon ay buong-simpatikong ngumiti ang lalaki sabay lahad ng palad upang makipagkamay sa kanya kaya wala siyang nagawa kundi abutin ang palad nito.

"My name is Kristine k-kaya lang ay…"

"Kristine, sino ang kausap mo diyan?" sabi ng tinig mula sa kanyang likuran.

"P-Paul, ikaw pala. Siya si Patrick. May itinatanong lang siya. Hindi na raw kasi niya matandaan kung saan ang bahay ng kanyang kaibigan kaya…"

"Sige na, pumasok ka na sa loob. Medyo mainit na ang sikat ng araw," putol ng binata sa sinasabi niya, kapagkuwan ay hinarap ang lalaki na nasa labas ng tarangkahan.

Sa isip ng dalaga ay hindi niya naibigan ang tonong ginamit ni Paul na animo may nagawa siyang kasalanan. Walang kibong pumasok siya sa loob ng kabahayan kaya naman hindi na niya narinig ang pinag-uusapan ng dalawa.

"Pasensya ka na sa *girlfriend* ko, pare. Hindi kasi siya tagarito kaya hindi niya kilala ang mga nakatira rito. Sino na nga ba ang hinahanap mo? Baka kilala ko," ani Paul sa malamig na tinig.

"Ah, h-hindi na bale. Salamat na lang. Diyan na lang sa may tindahan ako magtatanong."

Pagkasabi noon ay dagli nang lumulan sa kanyang kotse ang lalaki at nagmaneho palayo sa lugar na iyon habang nakatanaw ang nakangisising si Paul. Ngunit nang makalayo na ang sasakyan ay madilim ang anyong pumasok ito sa loob ng bahay.

Inabutan niyang nagbabasa ng magazine si Kristine sa sala.

"Bakit ka nakikipag-usap sa lalaking hindi mo naman kilala? Paano kung masamang tao pala iyon?

Hindi na tayo nakatitiyak sa panahon ngayon kaya uli-uli—"

"Nagtatanong lang iyong tao, masama ba iyon? Nagkataong ako ang napagtanungan niya. I was about to call you kaya nga lang ay—"

"Hindi iyon ang inabutan ko! Nakita kong masaya kang nakikipagkamay sa estrangherong iyon. Hindi magandang tingnan ang gina—"

"T-teka nga muna, Paul… ano ba ang ikinagagalit mo diyan? Wala akong ginagawang masama and I can't see any reason why I have to explain everything to you. Isa pa'y hindi ko rin nagustuhan ang tonong ginamit mo sa akin kanina nang papasukin mo ako sa loob ng bahay."

"Ikaw lang ang inaalala ko, Kristine. Masakit na sa balat ang sikat ng araw. Gusto mo bang masunog ang balat mo? At saka hindi mo kilala ang lalaking iyon. Ang kaligtasan mo lang ang iniisip ko kanina," seryosong sagot nito.

Kahit si Paul mismo ay hindi maintindihan ang sarili kung bakit biglang uminit ang kanyang ulo nang makitang may kausap na lalaki si Kristine. At lalong hindi niya nagustuhan nang makitang masayang nakipagkamay ang dalaga sa lalaking

iyon kaya hindi niya napigilan ang sariling lumabas kanina.

"Ayoko pa rin nang dinidiktahan ako. May sarili akong isip at saka ano naman ang maaaring gawin sa akin ng lalaking iyon? Nasa labas siya ng gate at nasa loob ako!"

"Basta. Huwag mo na uling gagawin iyon. Ang mabuti pa'y huwag ka na uling mag-ayos ng mga bulaklak sa hardin. I'll just ask somebody to do it for you. Is that understood?"

Nag-init nang husto ang mga punong-tainga ng babae. "Hindi! I don't want you manipulating my life. Hindi mo ako puwedeng diktahan ng mga bagay na dapat at hindi ko dapat gawin. Hindi mo rin ako puwedeng utusan kung sino ang mga taong dapat at hindi ko dapat kausapin. Ano ba kita? Do not act as if you are my father…"

*Father…*

Pagkasabi noon ay napatalikod si Kristine dahil may biglang nag-flashback sa kanyang utak.

*Stop manipulating my life, Papa! Anak mo ako, hindi ako robot. 'Wag mo akong diktahan!*

Lahat ng iyon ay paulit-ulit na naririnig niya sa

kanyang isip. At nalilito siya. Nangyari na iyon dati, nagkaroon ng pagtatalo dahil pinipilit siyang gawin ang hindi niya gusto. Ano ba ang ipinapagawa sa kanya noon? Sino ang nag-uutos sa kanya? *Father… Papa…*

May kinalaman ba ang kanyang mga magulang sa nangyayari sa kanya ngayon? Sino ba ang ama niya?

“Hindi mo kailangang magalit, Kristine. Masama ba kung isipin ko ang kapakanan mo? May sakit ka…”

Nang hindi sumagot ang dalaga ay pilit siyang iniharap ni Paul at gayon na lang ang pangamba nito nang makitang putlang-putla ang mukha niya at waring nahihirapan habang mariing nakapikit.

“What’s wrong, Kristine?” Napatitig sa kanya ang lalaki. “Oh, I’m sorry! Please, s-say something. Nakalimutan kong…”

Itinaas niya ang kamay para patahimikin ito. “Please, I… I just want to rest.”

Pagkasabi noon ay sinikap ni Kristine na makalayo sa binata patungo sa sariling silid. Gusto niyang mapag-isa dahil kung hindi siya nagkakamali ay may kinalaman sa kanyang nakaraan ang mga

bagay na naiisip niya kani-kanina lang. Hindi niya tinanggap ang pag-alalay na gagawin sana sa kanya ni Paul.

Naiwang nababahala ang binata. Gustong batukan ni Paul ang sarili kung bakit hindi niya napigilan ang selos na naramdaman kanina na siyang dahilan kung bakit nawalan siya ng kontrol sa galit na nararamdaman kanina. Kagyat siyang natigilan.

*Ako? Nagseselos? Bakit naman ako magseselos?*

Parang nalilito na rin siya. Kung hindi siya nagseselos, bakit biglang nag-init ang ulo niya pagkakitang hawak ng lalaking iyon ang kamay ni Kristine? At bakit sinadya niyang ipakilala ang dalaga bilang girlfriend niya?

*The sooner she gets better, the sooner she could go back to her family. In that way, maayos ko nang mahaharap ang sarili kong problema*, ang sabi ni Paul sa sarili.

Ngunit bakit pagkasabi noon ay waring may narinig siyang... *Sinungaling! Bakit hindi ka magpakatotoo sa sarili mo?*